



PATAKARAN SA PAGPAPATIGIL NG RESIDENSYAL NA SERBISYO NG TUBIG



PATAKARAN SA PAGPAPATIGIL NG RESIDENSIAL NA SERBISYO NG TUBIG

1. Aplikasyon ng Patakaran

Ang Patakarang ito ay mag-aaplay sa lahat ng residensiyal na account ng serbisyo ng tubig ng Vernon Public Utilities, ngunit hindi ito mag-aaplay sa mga account na hindi pangresidensyal. Kung ang saklaw ng Patakarang ito ay salungat sa ibang panuntunan, regulasyon o patakaran ng Vernon Public Utilities (VPU), ang Patakarang ito ang mangingibabaw.

2. Pamamaraan ng Paniningil; Pagpapatigil ng Serbisyo Dahil sa Hindi Pagbabayad

Ang mga bayarin ay dapat bayaran sa Petsa ng Paglalahad na makikita sa bayarin. Ang bayarin ay nagiging delingkwente at maaring patawan ng multa kung ang kabayaran ay hindi matatanggap (ang postmark ay hindi tatanggapin) ng VPU sa loob ng dalawampung (20) araw na makalipas. Kung ang isang bayarin ay delingkwente nang higit sa 60 araw, maaaring ipatigil ng VPU ang serbisyo ng tubig matapos sumunod sa Public Utilities Code Seksyon 10009 *et seq.* at Health & Safety Code Seksyon 116900 *et seq.*

3. Impormasyon Para Ma-kontak

Para sa mga katanungan o tulong hinggil sa inyong bayarin sa tubig, o upang mapagusapan ang mga opsyon upang hindi maipatigil ang serbisyo ng tubig, ang mga kawani ng Custolmer Service ng VPU ay maaring matawagan sa (323) 583-8811. Maaaring bisitahin ng mga kustomer ang Customer Service Division ng VPU mula Lunes hanggang Huwebes, 7:00 ng umaga hanggang 5:30 ng hapon sa 4305 Santa Fe Avenue, Vernon, CA 90058, maliban na lamang kung piyesta opisyal ng Lungsod.

4. Mga Pagkontesta sa Bayarin at Mga Apela

Ang mga kustomer na may problema sa bayarin ay maaaring humiling ng review o pagrepaso mula sa isang kawani ng Customer Service Division. Kasama sa pagrepaso ang konsiderasyon kung ang kostumer ay papayagang bayaran nang hulugan ang hindi pa nababayaran balanse sa risonableng panahon.

Sinumang kostumer na ang hiniling na pagrepaso ay nag resulta sa determinasyon ng kawani ng Customer Service Division ay hindi sinasang-ayunan ng kostumer, ang determinasyong ibinigay ay maaring iparepaso sa General Manager ng Vernon Public Utilities. Upang maiwasan ang pagpapatigil ng serbisyo, ang kostumer dapat magbayad ng halagang sinasabi ng Lungsod na nararapat bayaran. Ang kabayaranang iyon ay itinuturing na ginawa sa ilalim ng protesta. Kapalit ng nasabing pagbabayad, maaaring hilingin ng kostumer na magbayad nang hulugan. Ang pag-apruba sa nasabing hulugang pagbabayad ay nasa diskresyon ng Lungsod. Ang mga tseke o iba paraan ng pagbabayad sa ilalim ng protesta ay dapat na may kalakip na liham ng pagpapaliwanag sa General Manager. Sa oras na matanggap ang bayad na nasa ilalim ng protesta at ang liham ng pagpapaliwanag, rerepasuhin ng General Manager ang batayan ng sinisingil na halaga. Matapos ang pagrepaso, ang General Manager ay (a) kung may dapat na isalang-alang na pangyayari, ay maaaring iurong ang multa sa tumalbog na tseke, multa sa muling pagpapakabit muli, o multa sa nahuling pagbabayad, o (b) magtagubilin ng pagsasaayos ng mga singil sa tubig na natukoy sa pagrerepaso. Anumang rekomendasyon para sa credit o refund ay dapat aprubahan ng City Administrator; kung ang kwenta ay hihigit sa \$10,000, kinakailangang aprubahan ng Konseho ng Lungsod.

Kung ang bagay ay hindi kasiyasiyang nalutas ng General Manager, ang kostumer ay maaaring magpetisyon sa Konseho ng Lungsod para sa isang pinal na determinasyon.

5. Mga Palugit at Iba Pang Pakikipag-ayos o Areglo sa Pamamaraan ng Pagbabayad

Kung ang kostumer ay hindi makabayad sa karaniwang panahon ng pagbabayad, ang kostumer ay maaaring humiling ng palugit, pagbabayad nang hulugan o alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Ang mga desisyon ng Lungsod kung ipagkakaloob ang alternatibong paraan ng pagbabayad, ang mga tuntunin at kondisyon nito ay pinal at hindi maaaring i-apela sa Konseho ng Lungsod. Ang kostumer ay kailangang manatiling bayad sa lahat ng singil sa serbisyo ng tubig habang ang areglo sa pagbabayad ay isinasakatuparan. Kung ang kostumer ay pinagbigyan ng areglo sa pagbabayad sa ilalim ng seksyong ito at siya ay hindi nakabayad ng halagang napagkasunduan sa sa areglo ng pagbabayad sa petsang nakatakda, maaaring ipatigil ng Lungsod ang kanyang serbisyo ng tubig.

6. Mga Areglo sa Pagbabayad Para sa May Medikal at Pinansyal na Paghihirap

Ang Lungsod ay magbibigay ng areglo sa pagbabayad ng kostumer kung ang lahat ng kondisyong ito ay natugunan:

(a) Ang kostumer, o ang umuupa sa kostumer, ay nagsumite sa Lungsod ng sertipikasyon mula sa lisensyadong tagapagbigay ng primary care na ang pagpapatigil ng serbisyo ng tubig ay may banta sa buhay, o magdulot ng seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang residente kung saan ipingakakaloob ang serbisyo ng tubig;

(b) Maipapakita ng kostumer na siya ay walang kakayanang pinansiyal upang bayaran ang serbisyong pang-residensyal sa normal na panahon ng singilan. Ang kostumer ay masasabing walang kakayanang magbayad sa normal na panahon ng singilan kung: (a) isa sa mga miyembro ng kabahayan ng kostumer ay kasalukuyang tumatanggap ng CalWORKs, CalFresh, general assistance, Medi-Cal, Supplemental Security Income/State Supplementary Payment Program, o California Special Supplemental Nutrition Program para sa Women, Infants, and Children, o (b) ang kostumer ay nagpahayag sa ilalim ng parusa ng perjury na ang kabuuang kita sa buong taon ng sambahayan ay mababa sa 200 porsyento ng pederal na antas ng kahirapan; at

(c) Ang kostumer ay pumapayag na pumasok sa isang alternatibong areglo ng pagbabayad ng kaniyang mga delingkwenteng bayarin.

Para sa mga kostumer na nakatutugunan sa lahat ng kondisyon sa itaas, ang Lungsod ay mag-aalok sa kostumer ng palugit, hulugang pagbabayad, o alternatibong iskedyul ng pagbabayad. Mamimili ang Lungsod ng nararapat na areglo sa pagbabayad at magtakda ng tuntunin at kondisyon para dito. Ang mga tuntunin at kondisyon ng areglo sa pagbabayad na itinakda ng Lungsod ay pinal at hindi na maaaring i-apela sa Konseho ng Lungsod. Kinakailangang manatiling bayad ang lahat ng bayarin sa serbisyo ng tubig ng kostumer habang ang umiiral ang napagkasunduang areglo sa pagbabayad. Kung ang kostumer ay nabigyan ng areglo nang dahil sa medikal o pinansyal na mga pangyayari at hindi siya nakabayad sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng pagbabayad na nasasaad sa areglo ng pagbabayad, o hindi siya nakabayad ng mga kasalukuyang singilin nang mahigit sa 60 araw mula sa petsa ng singil, maaaring itigil ng Lungsod ang serbisyo ng tubig.

7. Mga Ibang Remedyo o Paglabag

Karagdagan sa pagpapatigil ng serbisyo ng tubig, maaaring ituloy ng Lungsod ang alinman sa iba pang mga remedyo na magagamit ayon sa batas o katarungan para sa hindi pagbabayad ng mga singil sa serbisyo ng tubig, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: pag-secure ng mga delingkwenteng halaga sa pamamagitan ng pagsumite ng prenda sa real property, pagsampa ng isang pag-angkin o ligal na pagkilos, o pagpapabahala ng hindi bayad na halaga sa mga nagkokolekta. Ipinapanatili ng Lungsod ang kanyang karapatang itigil ang serbisyo ng tubig dahil sa anumang paglabag ng mga ordinansa, mga panuntunan, o regulasyon ng Lungsod maliban sa hindi pagbabayad.